

Ehekutibong Buod

Nilagdaan bilang batas noong 2017, ipinasa ng Lehislatura ng Estado ng California (California State Legislature) ang Panukalang Batas ng Asembleya 617 (Assembly Bill 617, AB 617) na nag-aatas sa Lupon sa mga Tagatulong sa Hangin ng California (California Air Resources Board, CARB) at sa mga lokal na distrito ng hangin na gumawa ng Mga Planong Pagbawas ng Emisyon ng Komunidad (Community Emissions Reduction Plans, CERPs). Ang mga planong ito ay naglalayong bawasan ang pagkakalantad sa mga emisyon sa mga komunidad na labis na naaapektuhan ng polusyon sa hangin. Sa pamamagitan ng Programa ng Proteksyon sa Kalusugan ng Komunidad, ang Distrito ng Hangin ng Bay Area ang responsable sa pagpapatupad ng AB 617 sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa mga miyembro at organisasyon ng komunidad, mga lokal na ahensya, at mga pangunahing apektado upang bumuo ng mga estratehiya at aksyon para sa pagbabawas ng mga mapaminsalang polusyon sa hangin at pagpapabuti ng mga resulta sa kalusugan ng komunidad.

Noong Setyembre ng 2022, isinumite ng Marie Harrison Community Foundation at ng Bayview Hunters Point Community Advocates ang isang komprehensibong kahilingan para sa paghahalal sa sarili ng komunidad sa Distrito ng Hangin, na nananawagan na ang mas malawak na lugar ng Bayview Hunters Point at Southeast San Francisco (BVHP/SESF) ay mapili para sa pagsisimula ng proseso ng pagbuo ng CERP noong 2023. Ang kahilingang ito ay may kasamang tinukoy na hangganan ng komunidad na binubuo ng 17 na sukat ng senso sa BVHP/SESF, na umaabot sa kahabaan at silangan ng US-101 freeway, patungo sa Potrero Hill sa hilaga, Excelsior sa kanluran, at Visitacion Valley sa timog-kanluran.

Ang paghahalal-sa-sarili ay may kasamang pagtatasa ng mga pinagsama-samang epekto sa kapaligiran at kalusugan gamit ang mga indikasyon ng sosyoekonomiko ng CalEnviroScreen 4.0 at pagmomodelo ng kalidad ng hangin batay sa imbentaryo ng 2018 rehiyonal na mga emisyon ng Distrito ng Hangin. Inilarawan din nito ang mga pangunahing alalahanin ng komunidad, kabilang ang mga pagkakataon ng magkakasalungat na paggamit ng lupa at mga kasanayan sa pagsosona na nagpapahintulot sa mga industriyang nagpaparumi na malapit sa mga tirahan, paaralan, at mga lugar na pinagtitiipunan ng komunidad. Ang mga pinagmumulan ng polusyon na tinukoy ng komunidad sa BVHP/SESF ay kinabibilangan ng Naval Shipyard, mga talyer ng pagkukumpuni ng sasakyan, mga pasilidad sa paggamot ng wastewater, mga planta ng pagresiklo, mga operasyon sa paghawak ng materyales, at mga pasilidad sa pagmamamanupaktura ng katamtaman ang mabigat na industriya. Kasama rin sa lugar ang mga ruta ng trak at mga pangunahing koridor ng transportasyon gaya ng mga freeway na US-101 at Interstate 280.

Noong Nobyembre ng 2022, nagkaisa ang Lupon ng Mga Direktor ng Distrito ng Hangin sa pagboto na aprubahan ang paghahalal sa sarili at inirekomenda ang BVHP/SESF sa CARB para sa Programa ng Komunidad sa Proteksyon sa Hangin ng AB 617. Sa Ulat ng Mga Rekomendasyon ng Kawani sa Ikalimang Taunang Programa ng Proteksyon sa Hangin noong 2023, sinuportahan ng CARB ang nominasyon ng BVHP/SESF at inirekomenda ang pagpili rito para sa pagbuo at pagpapatupad ng isang CERP. Noong Pebrero 2023, inaprubahan ng CARB ang pagpili sa BVHP/SESF para sa pagbuo ng CERP.

Sa pamamagitan ng isang tatlong-panig na pagsososyo, ang Distrito ng Hangin, ang Marie Harrison Community Foundation, at ang Bayview Hunters Point Community Advocates (hanggang sa Disyembre 2025) ay nagtulungan bilang mga Kapwa-Namumuno (Co-Lead) upang simulan ang pagbuo ng Proceso ng CERP para sa BVHP/SESF. Pinangunahan ng Mga Kapwa-Namumuno ang pangangalap at pagpili ng mga miyembro ng Komite ng Pamamahala ng Komunidad (Community Steering Committee, CSC) at nagsagawa ng oryentasyon noong Agosto 2023 upang magkasundo

sa mga tungkulin at responsibilidad sa paggabay sa pagbuo ng isang CERP upang matugunan ang mga isyu sa kalidad ng hangin at hustisyang pangkapaligiran sa BVHP/SESF. Ang CSC ay isang magkakaibang grupo ng mga indibidwal na binubuo ng hanggang 25 miyembro na nakatira, nagtatrabaho, o nagmamay-ari ng mga negosyo sa komunidad. Kasama sa mga miyembro ang mga lider ng mga organisasyong nakabase sa komunidad, mga residente na mula sa maraming henerasyon at mga bagong residente, mga kabataan, mga nakatatanda, at mga indibidwal mula sa mga lokal na negosyo. Sa kanilang pagsasama-sama, kinakatawan nila ang panlipunang pagkakaiba-iba at katangian ng komunidad.

Sa mga unang yugto ng proseso ng CERP, lumahok ang CSC sa isang aktibidad sa pagmamapa ng komunidad upang matukoy ang mga pinagmumulan ng polusyon sa hangin at mga lugar na dapat pagtuunan ng pansin sa loob ng BVHP/SESF. Ang aktibidad na ito ay nakatulong sa pagbuo ng isang listahan ng mga isyu sa kalidad ng hangin na tinukoy ng komunidad at nagbigay ng impormasyon para sa pinal na hangganan ng komunidad. Kabilang sa mapa ng komunidad para sa aktibidad ang mga lokasyon ng mga pinahintulutang pinagmumulan, mga lugar ng pagsusubaybay o sensor ng hangin, mga hangganan ng parsela ng Naval Shipyard, mga highway, at mga pangunahing lansangan. Batay sa impormasyong ibinigay sa mapa, hiniling sa mga miyembro ng CSC na maglagay ng mga sticker sa mga pinagmumulan ng polusyon sa hangin na nakababahala, mga pinagmumulan ng polusyon sa hangin na hindi natukoy sa mapa, mga lugar na alam ng komunidad na may mahinang kalidad ng hangin, at mga lokasyon kung saan nakatira, nagtatrabaho, at nagpapalipas ng oras sa labas ang mga miyembrong pinakasensitibo sa polusyon sa hangin sa komunidad. Noong Agosto ng 2024, bumoto ang CSC na palawakin pa ang hangganan ng komunidad sa hilaga hanggang sa 16th Street, na nagpapataas sa kabuuang bilang ng mga trakto ng senso mula 17 hanggang 25.

Upang matiyak ang pagsasama ng pananaw ng komunidad sa pagsusuri ng kalidad ng hangin para sa CERP, lumikha ang CSC ng isang subkomite para sa Mga Pinagkukunan, Emisyon, at Puwang sa Datos (Sources, Emissions, and Data Gaps, SEDG) upang suriin ang mga pangunahing natuklasan na may kaugnayan sa mga pinagmumulan ng emisyon sa BVHP/SESF. Ang mga isyu sa kalidad ng hangin na natukoy sa pamamagitan ng isang masusing pagsusuri ng mga datos ng emisyon na isinagawa ng subkomite ng SEDG, kasama ang input mula sa CSC tungkol sa mga hamon na nakakaapekto sa pang-araw-araw na buhay sa BVHP/SESF, ay ginamit upang itatag ang anim na pinagtutuunan na lugar ng CERP.

Ang mga pinagtutuunan na lugar ay ang mga pangkalahatang kategorya ng mga alalahanin sa polusyon ng komunidad ng BVHP/SESF na nag-organisa ng pagbuo ng estratehiya ng CERP (Kabanata 8: Mga Pinagtutuunan na Lugar, Estratehiya, at Aksyon). Kasama sa mga ito ang:

Pagpapahintulot at Pagpapatupad: Ang mga miyembro ng komunidad ng BVHP/SESF ay nalalantad sa polusyon sa hangin mula sa iba't ibang komersyal at industriyal na pinagkukunan. Ang mga nakapirming pinagkukunan na ito ay maaaring mag-ambag sa hindi magandang resulta ng kalusugan kung hindi maayos na kinokontrol. Nilalayon ng pinagtutuunang lugar na ito na bawasan ang mga mapaminsalang emisyon sa pamamagitan ng mas mahigpit na mga pagpapahintulot, pagsunod, at aksyon sa pagpapatupad.

Trapiko at Transportasyon: Ang BVHP/SESF ay lubhang naaapektuhan ng trapiko ng sasakyan sa pamamagitan ng kapitbahayan at, sa paraang may problema, sa mga kalsadang residensyal. Ang pagtatalaga sa paggamit ng lupa para sa Produksyon, Distribusyon, Pagkukumpuni (Production, Distribution, Repair, PDR) ay nagbubunga rin ng mga negosyong humihikayat ng mga trak na nagpaparami ng trapiko ng trak sa mga lokal na kalsada. Marami sa mga kalsadang ito ang matatagpuan malapit sa mga sensitibong lugar gaya ng mga paaralan, parke, at mga residensyal na kapitbahayan. Gumagana ang pinagtutuunang lugar na ito upang bawasan ang mga emisyon mula sa mga pinagmumulan ng transportasyon at pagbutihin ang mga kondisyon ng kaligtasan sa

kalsada para sa mga miyembro ng komunidad, pati na rin ang pag-isipan ang mga paraan upang lumikha ng mas konektado at masiglang mga koridor na pang-ekonomiya na nag-uugnay sa BVHP/SESF at sa iba pang bahagi ng lungsod.

Particulate Matter (PM), Alikabok, at mga Epekto ng Konstruksyon: Ang mga miyembro ng komunidad ng BVHP/SESF ay hindi proporsyonal na nakalantad sa PM at lumilisang alikabok dahil sa mga kalapit na aktibidad na pang-industriya at patuloy na konstruksyon. Ang mga pagkakalantad na ito ay nag-aambag sa mga isyu sa kalusugan ng paghinga at cardiovascular at maaaring maglimita sa kakayahang ligtas na magpalipas ng oras sa labas. Naghahanap ang pinagtutuunang lugar na ito ng mga pagkakataon upang bawasan ang pagkakalantad sa mga lokal na particulate matter at mga pinagmumulan ng lumilisang alikabok sa BVHP/SESF.

Pagsubaybay at Datos: Hindi lubos na nasasakop ng kasalukuyang datos ang mga kondisyon ng polusyon sa hangin sa BVHP/SESF. Ang mga antas ng polusyon ay maaaring mag-iba sa buong komunidad depende sa mga kalapit na pinagmumulan at mga kondisyon ng panahon. Nilalayon ng pokus na lugar na ito na palawakin ang pagsubaybay at pagbutihin ang datos upang mas maunawaan ang lokal na kalidad ng hangin at ipaalam ang mga aksyon gaya ng pagbuo ng tuntunin, pagpapahintulot, pagpapatupad, at mga insentibo.

Mga Epekto sa Kalusugan ng Komunidad: Ang mga residente ng BVHP/SESF ay nakakaranas ng mga pagkakaiba sa kalusugan, kabilang ang hika at sakit sa paghinga, sa isang bahagi dahil sa pagkakalantad sa mga lason sa kapaligiran at pinagsama-samang emisyon ng polusyon mula sa mga lokal na aktibidad na nagpaparumi. Ang mga miyembro ng komunidad ay nagpahayag ng mga alalahanin tungkol sa pagkakaroon ng limitadong access sa mga mapagkukunan ng pangangalagang pangkalusugan, pati na rin sa mga kalakal at serbisyo at mga kaginhawahan na nakabase sa kalikasan. Ang pinagtutuunang lugar na ito ay nakatuon sa pagbabawas ng pagkakalantad sa polusyon sa hangin, pagpapabuti ng kalidad ng hangin sa loob ng bahay, at pagpapabuti ng pangkalahatang kalusugan ng komunidad.

Produksyon, Pamamahagi at Pagkukumpuni (PDR) at Paggamit ng Lupa: Ang mga miyembro ng komunidad ng BVHP/SESF ay nagpahayag ng mga alalahanin tungkol sa konsentrasyon ng mga gamit sa lupa ng PDR at kung paano sila nakikipag-ugnayan sa mga residensyal na kapitbahayan. Sa ilang lugar, limitado ang paghihiwalay sa pagitan ng mga gamit na pang-industriya at paninirahan. Tinutuklas ng pinagtutuunang lugar na ito ang mga pagkakataon upang itama ang mga problematikong disenyo ng paggamit ng lupa na pinagmumulan ng polusyon sa hangin at mga pagkakalantad sa polusyon sa hangin, at upang mapabuti ang mga proteksyon sa kalusugan sa pamamagitan ng mga pagbabago sa patakaran sa paggamit ng lupa at mas may kaalamang pangkapaligiran at makatarungang paggawa ng desisyon.

Ang mga pinagtutuunang lugar ay nagsilbing balangkas ng pag-oorganisa para sa pagbuo ng mga estratehiya at aksyon na maaaring magbawas ng polusyon sa hangin, mga pagkakalantad sa polusyon sa hangin, at mga epekto sa kalusugan sa BVHP/SESF. Ang bawat pinagtutuunang lugar ay kinabibilangan ng mga pahayag ng problema na nagpapakita ng mga alalahaning tinukoy ng komunidad at naglalarawan sa mga hamong nauugnay sa mahihirap na kondisyon ng kalidad ng hangin.

Upang suportahan ang pagtukoy at pag-unawa sa mga hamon sa kalidad ng hangin, ang CERP ay kinabibilangan ng isang komprehensibong teknikal na pagtatasa ng mga pinagmumulan ng polusyon at ang kanilang mga nauugnay na emisyon (Kabanata 5: Pangkalahatang-ideya ng Kalidad ng Hangin). Kabilang sa kabanatang ito ang pagsusuri ng Pamantayan sa mga Nagpaparumi sa Hangin (Criteria Air Pollutants, CAPs) at Nakalalasong Nagkokontamina sa

Hangin (Toxic Air Contaminants, TACs) mula sa humigit-kumulang na 216 na mga pinahintulatang pinagmumulan sa loob ng lugar ng hangganan ng komunidad ng CERP at mga zip code ng BVHP/SESF. Kasama rin ang isang pangkalahatang-ideya ng mga natuklasan sa pagpapatupad (Kabanata 6: Pangkalahatang-ideya at mga Natuklasan sa Pagpapatupad ng Pagsunod), na nagbibigay ng mahalagang konteksto at kasaysayan ng pagsunod at pagpapatupad sa lugar ng BVHP/SESF. Kabilang dito ang detalyadong impormasyon sa mga programa at aktibidad sa pagpapatupad na pinamumunuan ng CARB upang makamit ang pagsunod sa lahat ng pinagtibay na mga regulasyon. Ang isang pangkalahatang-ideya ng Pagpapahintulot sa Hangin ay naglalarawan sa proseso ng pagpapahintulot at nagbibigay ng impormasyon sa mga pagkakataon para sa pakikilahok ng komunidad sa panahon ng pagsusuri ng pahintulot (Kabanata 7: Pangkalahatang-ideya ng Pagpapahintulot sa Hangin). Ang kabanatang ito ay nagbibigay ng datos sa bilang ng mga pinahintulatang pasilidad sa BVHP/SESF ayon sa uri ng pasilidad, ang kabuuang bilang ng mga aplikasyon para sa pahintulot, at impormasyon tungkol sa mga pasilidad na walang pahintulot. Ang mga pagtatasang ito ay nakakatuulong na ikonekta ang mga teknikal na natuklasan sa mga alalahanin na tinukoy ng komunidad, na sumusuporta sa pagbuo ng mga estratehiya at aksyon.

Ang lahat ng mga estratehiya at aksyon ay binuo sa pamamagitan ng isang paulit-ulit na proseso na kinasangkutan ng sama-samang paglikha kasama ang mga miyembro ng CSC, ang subkomite ng Pagpapalano at Mga Estratehiya (Planning and Strategies, P&S) ng CSC, at mga kinatawan mula sa mga kaugnay na ahensya/akademikong kasosyo na nagsilbi bilang Grupo ng Teknikal na Tagapayo (Technical Advisory Group, TAG), kabilang ang Port ng San Francisco, ang Departamento ng Pagpapalano ng San Francisco (San Francisco Planning Department, SF Planning), ang Departamento ng Pampublikong Kalusugan ng San Francisco (San Francisco Department of Public Health, SFPDH), ang Tanggapan ng Pagtatasa ng Panganib sa Kalusugan ng Kapiligiran ng California (Office of Environmental Health Hazard Assessment, OEHHA), at Unibersidad ng California San Francisco (University of California San Francisco, UCSF). Ang mga kinatawan mula sa iba pang mga kaugnay na ahensya ay lumahok din bilang mga pinuno sa pagpapatupad.

Sa pamamagitan ng implementasyon ng mga estratehiya at aksyon, naglalayon ang CERP na makamit ang anim (6) na pangkalahatang layunin sa BVHP/SESF, na kinabibilangan ng pagpapabilis ng pagbabawas ng emisyon para sa pinong particulate matter at Nakalalasong Nagkokontamina sa Hangin (TACs), pagsusulong ng katarungang pangkalusugan, pagbibigay ng insentibo sa mga proyekto, pananagutin ang mga nagpaparumi, mas mahusay na pag-unawa sa lokal na polusyon sa hangin, at pagpapalakas ng pagiging malinaw (tingnan ang Kabanata 3: Pananaw, Mga Prinsipyo, at Mga Layunin, para sa buong teksto). Patuloy na makikipagtulungan ang Distrito ng Hangin sa Kapwa-Namumuno at CSC sa panahon ng implementasyon ng CERP at mangunguna sa pakikipagtulungan ng mga ahensya upang matiyak na ang mga ahensyang kasosyo ay gumagawa ng progreso patungo sa mga layunin ng CERP. Sa bawat taon, makikipag-ugnayan ang Distrito ng Hangin sa Kapwa-Namumuno, sa CSC, at sa mga ahensyang kasosyo upang maghanda ng ulat tungkol sa implementasyon ng CERP. Susuriin ng mga taunang ulat na ito ang progreso at magbibigay ng pagkakataon para sa komunidad na muling tasahin ang mga prayoridad. Sa ikalimang taon ng mahalagang yugto ng pagpapatupad, kukuha ang Distrito ng Hangin mula sa mga ulat ng progreso na ito upang pag-isipan ang mga pangunahing naisagawa at tukuyin kung nakamit na ang mga layunin ng CERP at kung saan kinakailangan ang karagdagang aksyon.

Ang mga pagsasaling-wika ng Ehekutibong Buod ay makukuha sa [website ng Distrito ng Hangin](#)¹ sa Espanyol, Tradisyunal na Tsino, Tagalog, Vietnamese, Tongan, at Samoan. Ang mga pagsasaling-

¹ Distrito ng Hangin ng Bay Area, Bayview Hunters Point / Southeast San Francisco Community Emissions Reduction Plan. 2026. <https://www.baaqmd.gov/en/community-health/community-health-protection-program/bayview-hunters-point-community-emissions-reduction-plan>

wika ng balangkas ng Pampublikong Pagrepaso ng CERP ay makukuha sa Espanyol at Tradisyunal na Tsino. Para humiling ng pagsasaling-wika ng Ehekutibong Buod o ng Balangkas ng Pampublikong Pagrepaso ng CERP sa iba pang mga wika, mangyaring magpadala ng email sa planning@baaqmd.gov. Para sa anumang iba pang mga tanong tungkol sa access sa wika, mangyaring makipag-ugnayan sa Tagapag-ugnay ng Non-Discrimination ng Distrito ng Hangin sa non-discriminationcoordinator@baaqmd.gov.